

PIVOT^{4A} LEARNER'S MATERIAL

GRADE 1 - MTB-MLE



QUARTER 3

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na hindi maaaring magkaroon ng karapatang-ari sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayumpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang bahagi ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot ng Kagawaran.

Ang modyul na ito ay masusing sinuri at nirebisa ayon sa pamantayan ng DepEd Regional Office 4A at ng Curriculum and Learning Management Division CALABARZON. Ang bawat bahagi ay tiniyak na walang nilabag sa mga panuntunan na isinasaad ng Intellectual Property Rights (IPR) para sa karapatang pampagkatuto.

Mga Tagasuri

PIVOT 4A Learner's Material
Ikatlong Markahan
Ikalawang Edisyon, 2021

MTB-MLE

Unang Baitang

Job S. Zape, Jr.
PIVOT 4A Instructional Design & Development Lead

Maria Ellaine R. Cubio & Maricris Brutas
Content Creators & Writers

Jaypee E. Lopo & Arnold O. Estareja
Internal Reviewers & Editors

Ephraim L. Gibas & Hiyasmin D. Capelo
Layout Artist & Illustrator

Jeewel L. Cabriga, Alvin G. Alejandro & Melanie Mae N. Moreno
Graphic Artist & Cover Designer

Ephraim L. Gibas
IT & Logistics

Amelia Bucu
External Reviewer & Language Editor

Inilathala ng: Kagawaran ng Edukasyon Rehiyon 4A CALABARZON
Patnugot: **Francis Cesar B. Bringas**

Pagbabasa ng mga Salita

Aralin

I

Natutuhan mo sa nakaraang markahan ang tungkol sa mga panghalip panao at mga halimbawa nito. Pinag-aralan mo rin ang apat na pangunahing direksiyon upang marating ang iba't ibang lugar sa iyong komunidad. Nagbasa ka rin ng mga kuwentong kinapulutan mo ng aral.

Ngayon naman ay sasanayin mo ang iyong sarili sa pagbabasa ng mga salita.

Pagbabasa



Salita

bata

Mga tunog

 $/b/ + /a/ = /ba/$ $/t/ + /a/ = /ta/$ $/ba/ + /ta/$

Kahulugan

tao na nása
pagitan ng
pagsílang at
pagkatigulang



Pagkatapos ng araling ito, inaasahang nababasa mo nang wasto at may damdamin ang mga salita.

D

Marunong ka na bang magbasa? Paano ka nagbabasa? Ano ang kahulugan ng pagbabasa?



Ang **pagbabasa** ay pagbibigay ng kahulugan sa mga nakasulat na simbolo gaya ng mga letra at pagsasama ng mga ito.

Nagsisimula ang pagbabasa sa pagbigkas ng tunog ng bawat letra o magkakasamang mga letra. Masasabing ikaw ay marunong nang magbasa kung naisasatinig mo ang mga pinagsama-samang letra at nauunawaan mo ang ibig sabihin nito.

Halimbawa: bata

Ang salitang bata ay pinagsama-samang tunog na /b/, /a/, /t/, at /a/. Pagsasamahin mo ang mga tunog na:

/b/ + /a/ = /ba/

/t/ + /a/ = /ta/

/ba/ + /ta/ = /bata/




bata

Masasabing nakababasa ka na kung alam mo na ang salitang ito ay tumutukoy sa taong nasa larawan sa itaas.

Mahalagang matutuhan mo ang pagbabasa ng bawat salita. Ito ang bumubuo ng parirala (grupo ng mga salita), pangungusap, talata at maging ng isang buong kuwento. Tingnan ang mga halimbawa sa ibaba.

- **salita**  **bata**
- **parirala**  **Ang mga bata**
- **pangungusap**  **Ang mga bata ay masayang nag-uusap.**
- **talata**
 Ang mga bata ay masayang nag-uusap. Pinag-uusapan nila ang kanilang masasayang karanasan. Nais na rin nilang magbalik sa paaralan at makita ang iba pang kamag-aaral.
- **kuwento (bahagi lamang)**


Ang Magkakaibigan




Nagkita-kita ang magkakaibigang sina Kleyr, Chester, Niña at Mario. Masayang nag-usap ang mga bata tungkol sa kanilang masasayang karanasan. Nais na rin nilang bumalik sa paaralan at makita ang iba pang kamag-aaral.

Pagtutuunan mo ng pansin ang pagbabasa nang may bigkas, bilis, at damdamin. Pag-uugnayin mo rin ang mga larawan sa mga salita.


Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Piliin ang letra ng tamang grupo ng mga salita na may malapit na kaugnayan sa larawan. Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel .



- A. para sa aso
- B. para sa pusa
- C. para kay bunso
- D. para kay nanay



- A. Karga siya ni ate.
- B. Karga siya ni lolo.
- C. Karga siya ni kuya.
- D. Karga siya ng pusa.



- A. Nilalaro ng nanay ang bata.
- B. Pinakakain ng bata ang sanggol.
- C. Kumakaing mag-isa ang sanggol.
- D. Pinadedede ng nars ang sanggol.

E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Piliin ang letra ng angkop na salita na bubuo sa pangungusap. Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

1.



_____ ang mga bata.

A. Naglalaro

C. Nagbabasa

B. Kumakain

D. Tumatakbo

2.



Si Nanay ay mamimili sa _____.

A. simbahan

C. palengke

B. paaralan

D. opisina

3.



_____ si Bunso.

A. Kumakain

C. Naglalakad

B. Umiiyak

D. Gumagapang

A

Natutuhan mo sa araling ito ang pagbabasa ng mga salita. Ang pag __ a b __ __ a ay pagbigkas ng mga tunog at pag-unawa sa kahulugan ng salita.



Paglalarawan ng Pamilya, mga Kaibigan, at Paaralan

WEEK
2

I

Natutuhan mo sa nakaraang aralin ang tungkol sa pagbabasa. Natutuhan mo na tumutukoy ito sa pagbigkas ng tunog at pag-unawa sa kahulugan ng salita.

Ngayon naman ay pag-aaralan mo ang tungkol sa paglalarawan. Sa tulong ng mga halimbawa, ipakikilala sa iyo ang iba't ibang salitang naglalarawan.

Mga salita	Larawan	Paglalarawan
pamilya		isang pamilya masayang pamilya pamilyang sama-sama
kaibigan		dalawang magkaibigan mabuting kaibigan kaibigang maaasahan
paaralan		malinis na paaralan paaralang malapit

Pagkatapos ng araling ito, inaasahang nailalarawan mo ang iyong pamilya, mga kaibigan, at paaralan.

D

Alam mo ba ang mga salitang naglalarawan?
Saan ito ginagamit? Ano-ano ang mga halimbawa nito?



Ang **pang-uri** ay bahagi ng pananalita na ginagamit sa **paglalarawan** ng pangngalan o panghalip.

Naglalarawan ang mga salitang nagsasabi tungkol sa isang tao, bagay, hayop, lugar at pangyayari. Ito ay maaaring bilang, katangian, hugis, sukat, kulay o ginamit na materyal. Basahin ang sumusunod na halimbawa:

1. Dalawang bola.



2. Batang magalang.



3. Bilog na mata.



Ipinakita sa naunang mga halimbawa ang paggamit ng bilang ng bagay, katangian ng bata, at hugis ng mata. Ang gintong orasan, malaking bahay at itim na buhok ay mga halimbawa rin.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Lagyan ng tsek (✓) kung ang may salungguhit ay salitang naglalarawan. Lagyan naman ng ekis (X) kung hindi ito naglalarawan. Gawin ito sa iyong sagutang papel .

- _____ 1. Si Ben ay may limang aso.
- _____ 2. Puting relo ang suot ni Michelle.
- _____ 3. Si Alyssa ay matangkad.
- _____ 4. Maliit ang pinggan na kinakainan ni Arnel .
- _____ 5. Tahimik ang loob ng bahay nina Lito at Lita.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Piliin ang letra ng salitang naglalarawan na angkop sa bawat pangungusap. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel .

A. malambot	B. tatlong	C. malinis
D. maliit	E. pula	F. ginto

- 1. Ang mansanas ay kulay _____.
- 2. Ang tela ng kumot ay _____.
- 3. Ang silid-aralan ay _____.
- 4. Ang watawat ng Pilipinas ay may _____ bituin.
- 5. Ang aso ay mas _____ kaysa kabayo.

E


Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Punan ng salitang naglalarawan ang pamilya na makikita sa larawan. Gawin ito sa tulong at gabay ng kasapi ng pamilya. Isulat sagot sa iyong sagutang papel .



1. _____ na mga bata.
2. _____ na orasan.
3. _____ na bahay.
4. _____ na nanay.
5. _____ na tatay.

A

Natutuhan mo sa araling ito ang pang-uri o salitang naglalarawan. Tinutukoy nito kung anong uri ang isang tao, bagay, lugar o pangyayari.



Wastong Pagsulat ng mga Salita, Parirala, at Pangungusap

Aralin

WEEK
3

I

Natutuhan mo sa nakaraang aralin ang tungkol sa paggamit ng pang-uri o salitang naglalarawan. Ginagamit ang mga ito sa tao, bagay, hayop, lugar at pangyayari.

Ngayon naman ay pag-aaralan mo ang tungkol sa pagsusulat. Ipakikilala sa iyo ang iba't ibang bantas. Ipaliliwanag din ang gamit ng maliliit at malalaking letra.

Mga bantas	Simbolo	Halimbawa
tuldok	.	Ako ay mabait.
kuwit	,	Paborito kong pagkain
tandang	!	ang prutas, isda, at gulay.
padamdang	!	Aray! Napaso ako.
tandang pananong	?	Saan ka pupunta?
Malalaking letra	M, A, T, B, S	
Maliliit na letra	m, a, t, b, s	

Pagkatapos ng araling ito, inaasahang nakasusulat ka ng mga salita na may tamang bantas at gamit ang maliliit at malalaking letra.

D

Alam mo ba kung ano-ano ang mga bantas? Alam mo ba kung kailan ginagamit ang mga ito? Pag-aralan ang ilan sa mga halimbawa sa ibaba:

1. Tuldok (.) - ginagamit ito sa pangungusap na nagsasalaysay, nag-uutos, o nakikiusap. Inilalagay ang tuldok sa hulihan.

- Ako ay mabait.

- Pakiabot po ng aking lapis.

2. Kuwit (,) - ginagamit sa paghahati ng pangungusap tulad ng pag-iisa-isa ng nasa listahan.

- Paborito kong pagkain ang prutas, isda, at gulay.

- Ang mga kaptid ko ay sina Elaine, Lovi, at Faye.

3. Tandang padamdang (!) - ginagamit sa pangungusap na nagpapahayag ng matinding damdamin.

- Aray! Napaso ako.

- Ang saya-saya ko!

4. Tandang pananong (?) - ginagamit sa pangungusap na nagtatanong o humihingi ng sagot.

- Saan ka pupunta?

- Kumain ka na ba?

Sa pagsusulat naman, madalas ginagamit ang maliliit na letra, maliban na lamang kung:

1. unang letra ng bawat pangungusap

Halimbawa: Ako ay maglalakad.

Kasama ko ang aking kaibigan.

2. mga pangngalang pantangi o tiyak na ngalan ng tao, bagay, lugar at pangyayari.

Halimbawa: Ang pangalan ng aking kaibigan ay Jennifer. Nakapasyal na rin siya sa Tagaytay at nakita na ang Bulkang Taal. Talagang mahilig kaming mamasyal sa magagandang tanawin gaya ng Palace in the Sky.

3. mga ngalan ng araw, buwan at okasyon

Halimbawa: Biyernes, Sabado at Linggo ang paborito kong mga araw. Pinakagusto kong buwan ang Disyembre dahil sa Pasko.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Lagyan ng tsek (✓) kung wasto ang pagkakagamit ng malaking letra. Lagyan naman ng ekis (X) kung mali ito. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

_____ 1. Lunes

_____ 4. Bayabas

_____ 2. Rizal

_____ 5. marso

_____ 3. araw ng kalayaan

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Piliin ang salitang wasto ang pagkakasulat upang mabuo ang pangungusap. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. (Ako, ako) ay mananatili sa loob ng bahay.
2. Si (David, david) ay masayang kumakain.
3. Kami ay nagpunta sa (luneta park, Luneta Park).
4. Mamamasyal kami sa (Sabado, sabado).
5. Ang paborito kong gulay ay (kalabasa, Kalabasa).

Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Lagyan ng tsek (✓) kung wasto ang bantas na ginamit. Lagyan naman ng ekis (X) kung mali ito. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

- _____ 1. Magkakasunod ang buwan ng Mayo, Hunyo, at Hulyo.
- _____ 2. Tumutulong ako sa gawaing bahay.
- _____ 3. Yehey! May bago akong sapatos.
- _____ 4. Saan ka pupunta.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Piliin ang bantas na angkop sa bawat pangungusap. Isulat ang simbolo sa iyong sagutang papel.

.	,	!	?
---	---	---	---

1. Ano ang pangalan mo _____
2. Binabasa ko ang aking modyul _____
3. Mabait si Ernesto _____
4. Kaibigan ko sina Mark _____ Nadine, at Jisela.
5. Naku _____ Nadapa ang bata.

E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 5: Isulat muli sa patlang ang mga pangungusap. Iwasto ang nakasalungguhit na salita at binilugang bantas. May sagot na ang unang bilang upang maging gabay mo. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. kaylakas ng hagupit ng bagyong Ulysses?

Kaylakas ng hagupit ng bagyong Ulysses.

2. si arijay ba ang maghuhugas ng pinggan?

_____.

3. Kami ay namasyal sa Laguna?

_____.

4. Aray? Nasugatan Ako.

_____.

5. Nagpunta kami sa Cavite noong bagong taon!

_____.

A

Natutuhan mo sa araling ito ang wastong pagsusulat ng salita, parirala at pangungusap gamit ang mga b _ n _ _ s at ang malalaki at maliliit na mga letra.

Natutuhan mo sa nakaraang aralin ang tungkol sa paggamit ng iba't ibang bantas. Natutuhan mo rin ang pagsusulat ng malalaki at maliliit na letra ayon sa tuntunin ng paggamit ng mga ito.

Ngayon naman ay pag-aaralan mo ang tungkol sa kahulugan ng mga salita. Ipakikilala sa iyo ang mga salitang magkasingkahulugan, magkasalungat, at magkatulad ang tunog gamit ang mga halimbawa.

Mga salita		Paraan ng pag-unawa sa Kahulugan
masaya	↔ maligaya	magkasingkahulugan
mabilis	↔ mabagal	magkasalungat
talon	↔ balon	magkasintunog
bayan	↗ munisipyo, ↘ sentro ng lugar, ↘ bansa	maraming kahulugan

Pagkatapos ng araling ito, inaasahang natutukoy mo at nagagamit ang kahulugan ng mga salita.

Marami ka na bang alam na salita? Alam mo rin ba ang kahulugan ng mga ito? Paano mo inaalam ang kahulugan ng bawat salita?



Ang kahulugan ng salita ay tumutukoy sa anumang ibig ipahayag o isaad.

Malaking tulong sa iyo bilang mag-aaral ang magkaroon ng malawak na talasalitaan o bokabularyo. Kapag marami kang alam na mga salita, mas mauunawaan mo ang iyong binabasa, pinakikinggan o pinanonood.

Mauunawaan mo ang kahulugan ng salita sa tulong ng mga sumusunod:

1. magkasingkahulugan (**synonym**) - mga salitang may magkatulad o magkaparehong kahulugan.

Halimbawa:

tuwa – galak – saya

maligaya – masaya

paaralan – eskwela – eskwelahan – iskul

matayog – mataas

2. magkasalungat (**antonym**) – kapag magkaiba ang ibig sabihin ng mga salita.

Halimbawa:

mabilis – mabagal

masaya – malungkot

matayog – mababa



3. magkasintunog (**homonym**) – may parehong baybay o espeling at tunog sa pagbigkas, subalit magkaiba ang ibig sabihin.

Halimbawa:

talon – balon

talon – anyong tubig



4. isang salita na maraming kahulugan – may iba't ibang kahulugan ang iisang salita.

Halimbawa: bayan

A. Pupunta ako sa bayan at manonood ng parada.

(bayan -- poblasyon o pinakasentro ng isang munisipyo o lungsod.)

B. Nabalot ang bayan ng Lemery sa abong galing sa Bulkang Taal.

(bayan -- kabuuan ng munisipyo na pinamamahalaan ng isang **mayor**.)

C. Minamahal ko ang Pilipinas, ang bayan kong sinilangan.

(bayan -- katumbas ng buong bansa o **country**.)

Isang paraan din ang pagbibigay ng mga katangian bilang pakahulugan sa isang salita.

Salita

perang papel



Mga Katangian

ginagamit pambayad,
maaaring panregalo,
gawa sa papel, at may iba't
ibang kulay at halaga.

Matapos mong mabasa ang paliwanag at mga halimbawa, sasanayin ka naman sa pagtukoy ng kahulugan ng mga salita sa tulong ng mga gawain.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Tukuyin kung ang mga salita ay magkasingkahulugan, magkasalungat, magkasintunog o maraming kahulugan. Isulat ang letra ng sagot sa iyong sagutang papel.

A. magkasingkahulugan

C. magkasalungat

B. magkasintunog

D. maraming kahulugan

_____ 1. makipot — makitid

_____ 2. mabango — mabaho

_____ 3. paso — lalagyan ng halaman, nawalan na ng halaga, nadikitan ng apoy, at paglakad.

_____ 4. mahal (iniibig) — mahal (mataas ang halaga)

E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Ibigay ang hinihingi sa bawat bilang. Isulat ang letra ng sagot sa iyong sagutang papel.

1. Kaygandang pagmasdan ng mga luntiang halaman sa bakuran.

Kasingkahulugan: A. berdeng B. tuyot na

2. Madilim ang kalangitan na nagbabadya ng pag-ulan.

Kasalungat: A. Maitim B. Maliwanag

3. Nagtuturo sa mga bata, nagpapaliwanag ng aralin, nagtatrabaho sa paaralan.

Tinutukoy na salita: A. guro B. magulang

4. Mapera ang mag-anak nina Mrs. Dalida.

Kasingkahulugan: A. mayaman B. mahirap

5. Maamo ang aso ko at hindi nangangagat.

Kasalungat: A. mabagsik B. mabait

A

Natutuhan mo sa araling ito ang pagbibigay kahulugan sa mga s _ l _ t _.

Mahalaga ito upang mapalawak ang iyong talasalitaan o kaalaman.



Pagkuha ng Impormasyong Napakinggan at Nabasa

Aralin


WEEK
5

I

Natutuhan mo sa nakaraang aralin ang tungkol sa pagbibigay kahulugan sa mga salita. Naunawaan mo na may mga salitang magkasingkahulugan, magkasulungat, at magkasintunog.

Ngayon naman ay pag-aaralan mo ang pagkuha ng impormasyon mula sa kuwentong napakinggan. Babasahin mo rin at tutukuyin ang mga detalye mula sa **informational texts** tulad ng **illustrations** at **pictographs**.

Pakikinig upang kumuha ng impormasyon



illustration



pictograph

Pangalan	Bilang ng Nainom
Alma	
Chester	
Lloyd	
Annie	

 = dalawang (2) baso ng tubig

Pagkatapos ng araling ito, inaasahang nakakukuha ka ng mga impormasyon mula sa kuwentong napakinggan at nabasa mula sa illustrations at pictographs.

D

Naranasan mo na bang makinig ng kuwento, tula, o awit? Natatandaan mo ba ang nilalaman ng mga ito?

Ang pagkuha ng impormasyon mula sa pakikinig ay isang mahalagang kasanayan. Bilang bata ay mainam na matutuhan mo ito.



Ilan sa mga impormasyong maaari mong makuha ay ang pamagat o paksa, mga pangalan, at iba pang mahahalagang detalye.

Kailangan mong maging tahimik at ituon ang atensiyon sa pakikinig. Kung marunong ka na, maaari mong isulat ang mahahalagang salitang napakinggan.

Maliban sa pakikinig, makakukuha ka rin ng kaalaman mula sa mga larawan o simbolo. Illustrations at pictographs ang tawag dito:



Tamang tawiran



Bawal maglakad dito

Bilang ng Baso ng Tubig na Nainom ng mga Bata	
Pangalan	Bilang ng Nainom
Alma	  
Chester	   
Lloyd	    
Annie	 

pamagat

simbolo

katumbas na bilang

 = dalawang (2) baso ng tubig

Bilang ng Baso ng Tubig na Nainom ng mga Bata

Pangalan	Bilang ng Nainom
Alma	  
Chester	   
Lloyd	    
Annie	 
 = dalawang (2) baso ng tubig	

Mula sa pictograph, makukuha mo ang sumusunod na impormasyon:

- tungkol ito sa bilang ng nainom na tubig
- baso ang ginamit na simbolo
- bawat simbolo ay katumbas ng dalawang baso
- Si Lloyd ang pinakamaraming nainom
- Si Annie ang pinaka kaunti ang nainom
- walong baso ang nainom ni Chester ($4 \times 2 = 8$)

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Lagyan ng tsek (✓) kung tama ang isinasaad ayon sa pictograph sa itaas. Lagyan naman ng ekis (X) kung mali ito. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

_____ 1. Dalawang pangalan ng babae at dalawang lalaki ang makikita sa infographics.

_____ 2. Magiging katulad ng bilang ng nainom ni Lloyd kapag pinagsama ang kina Annie at Alma.

_____ 3. Apat na basong tubig ang nainom ni Chester.

E

Pakinggan ang kuwento na babasahin ng magulang, nangangalaga o ng kasapi sa bahay.

Ang Paborito Kong Alaga

Ako si Patring. May alaga akong kuting. Paborito kong alaga at mahal sa akin.

Isang gabing madilim, habang ako ay natutulog nang mahimbing, lumabas siya ng bahay namin. Bigla akong nagising. Hinanap ko si Muning. Natagpuan kong kumakain sa may hardin. Binuhat ko siya at niyakap ko na rin.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Tukuyin ang letra ng tamang sagot. Isulat ito sa iyong sagutang papel.

1. Sino ang may alagang pusa?
A. Patring B. Muning
2. Ano ang pangalan ng pusa?
A. Patring B. Muning
3. Saan natagpuan si Muning?
A. sa hardin B. sa silid tulugan

A

Natutuhan mo sa araling ito ang pagkuha ng impormasyon mula sa kuwentong napak __ n __ g __ n, gayundin sa illustrations at pictograph.



Natutuhan mo sa nakaraang aralin ang tungkol sa pagkuha ng mahahalagang impormasyon mula sa pakikinig. Pinag-aralan mo rin ang tungkol sa illustrations at pictographs.

Ngayon naman ay pag-aaralan mo ang tungkol sa pagkukuwento ng nabasa o napakinggan. Magsasanay ka sa pagsasalaysay ng nilalaman ng mga katha o akda. Ibabahagi mo ang mahahalagang detalye ng kuwento.



Pagkatapos ng araling ito, inaasahang nasasabi mo o naisasalaysay na muli ang mga kuwento, pabula, at iba pang katha.

D

Mahilig ka rin bang magbasa o makinig sa kuwento? Ikinikuwento mo rin ba sa iba ang iyong mga nabasa at narinig?



Ang **pagkukuwento** ay isang sining ng paglalahad muli ng mahahalagang detalye mula sa isang akda.

Sa pagkukuwentong muli o pagsasalaysay ng isang akda, mahalagang mabanggit mo ang sumusunod:

1. pamagat
2. mga tauhan at tagpuan
3. mahahalagang pangyayari

Habang ginagawa mo ang pagkukuwentong muli, tandaan mo na:

- maging masigla sa pagkukuwento;
- alamin ang daloy o tatakbuhan ng salaysay;
- maging pamilyar sa kilos o gawi ng mga tauhan;
- ipakita ang angkop na damdamin ayon sa kuwento;
- buod lamang o ang mahahalagang bahagi ang isasalaysay.

Ipabasa mo ngayon sa iyong magulang o nangangalaga ang kuwento sa ibaba.


Si Langgam at si Tipaklong

Magkaibigan sina Langgam at Tipaklong. Magkaiba naman ang kanilang ugali.

Masipag si Langgam. Araw-araw, gumigising siya nang maaga. Matapos kumain, magsisimula na siyang gumawa. Iniipon niya ang pagkain na kaniyang nakukuha sa pagtatrabaho.

“Mabuti na itong may ipon. Sakaling magipit, hindi ako magugutom,” ang laging sinasabi ni Langgam.

Paglalaro naman sa bukid ang laging inaatupag ni Tipaklong. Naroroon siya para magtatalon o lumipad-lipad. Kung ano ang nakikita niyang pagkain,



doon niya lang maiisipang kumain. Hindi katulad ni Langgam, wala ni katiting na ipon si Tipaklong.


“Eh, bakit ako mag-iipon? Kaysarap maglaro,” katwiran ni Tipaklong. “May makakain naman lagi dito

Naglalaro naman silang magkaibigan paminsan minsan. Pero, lagi't lagi may mas mahabang panahong inilalaan si Langgam upang gumawa. .

Isang araw, may dumating na napakalakas na bagyo. Ilang araw na patuloy ang pag-ulan. Bumaha ang paligid. Lumubog ang bukirin.

Walang makain si Tipaklong. Nasira din ang kaniyang tahanan. Ginaw na ginaw siya. At gutom na gutom. Kaya naisipan niyang puntahan si Langgam.

Pansamantalang nakituloy si Tipaklong kay Langgam. Naawa siya sa kaibigan. Nanginginig ito sa gutom. Kina Langgam pansamantalang nakituloy si Tipaklong.



“Maraming maraming salamat sa tulong mo, kaibigang Langgam. Kung hindi dahil sa iyo'y...” ani ni Tipaklong.

“Huwag mong alalahanin iyon,” panatag na sabi ni Langgam, “kaibigan yata kita.”

Nang humupa na ang bagyo, sinimulan na ni Tipaklong na magbago. Ayaw na niyang maranasang manginig sa gutom.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Lagyan ng tsek (✓) kung dapat mong ibahagi ang nilalaman sa iyong pagkukuwentong muli. Lagyan naman ng ekis (X) kung hindi mo na ito kailangang isama dahil hindi ito nangyari o hindi na mahalaga pa. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

- _____ 1. Magkaibigan sina Langgam at Tipaklong.
- _____ 2. Masipag at mahilig mag-ipon ng pagkain si Langgam.
- _____ 3. Tamad at mahilig maglaro si Tipaklong.
- _____ 4. Nang dumating ang tag-ulan ay walang makain si Tipaklong. Pinatuloy siya ni Langgam at binigyan ng pagkain.
- _____ 5. Itinuturo ng kuwento na dapat maging masipag, mag-ipon at maging matulungin sa kapuwa na nangangailangan.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Ibigay ang hinihinging impormasyon na magagamit mo sa muling pagsasalaysay ng kuwento nina Langgam at Tipaklong. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

- 1. Pamagat ng kuwento: _____
- 2. Mga tauhan o gumaganap: _____
- 3. Tagpuan o lugar na pinangyarihan: _____
- 4. Nangyari kay Langgam: _____
- 5. Nangyari kay Tipaklong: _____

E

Handa ka na bang magkuwento? Gawin ito gamit ang mga impormasyong nasa Gawain 1 at 2.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Sa tulong at gabay ng magulang, tagapangalaga o ng kasapi sa bahay, isalaysay muli ang kuwento nina Langgam at Tipaklong. Gumuhit ng masayang(😊) mukha kung naisagawa ang nakasaad na batayan. Gumuhit naman ng malungkot (☹️) na mukha kung hindi ito naisagawa. Gawin ito sa iyong sagutang papel .

Batayan	Maayos	Di-maayos
1. Nabanggit ko nang tama ang mahahalagang impormasyon mula sa kuwento.		
2. Tuloy-tuloy at malinaw ang aking pagsasalita.		
3. Naging masigla ako sa pagkukuwento at naipakita ko ang angkop na damdamin.		

A

Natutuhan mo sa araling ito ang pagsasalaysay o pagku __ u w __ n __ o.

Dapat na mailahad mo ang mahahalagang detalye o impormasyon.



I

Aralin

Natutuhan mo sa nakaraang aralin ang tungkol sa pagsasalaysay ng kuwentong nabasa o napakinggan. Mahusay mong nailahad ang nangyari sa magkaibigang Langgam at Tipaklong.

Ngayon naman ay pag-aaralan mo ang tungkol sa mga salitang kilos. Tutukuyin mo ang mga ito sa pagsunod sa mga panuto. Gagamitin mo rin ang mga angkop na anyo ng pandiwa ayon sa aspekto nito.



Pagkatapos ng araling ito, inaasahang natutukoy mo ang aspekto ng pandiwa at nagagamit ito sa pagbibigay ng panuto. Inaasahan din na natutukoy mo ang mga salitang kilos sa pangungusap.

D

Ano-anong kilos ang kaya mong gawin? Alam mo ba kung ano ang tawag sa mga ito?



Ang **pandiwa** ay salitang nagpapahiwatig ng kilos o galaw.

Sa tulong pandiwa, malalaman kung ginawa na, ginagawa o gagawin pa lamang ang isang aksiyon o kilos. Mauuri sa tatlo ang tinatawag na panahunan o aspekto ng pandiwa.

1. **Pangnagdaan** - kung naisagawa na o natapos na ang kilos o aksiyon.

Halimbawa:

Nagbasa si Eugene ng tula.

Naglakad si Jane nang mas mabilis.

2. **Pangkasalukuyan** – kung ngayon ginagawa o nangyayari pa lamang ang isinasaad na kilos o aksiyon.

Halimbawa:

Nagbabasa si Eugene ng tula.

Naglalakad si Jane nang mas mabilis.

3. **Panghinaharap** – kung gagawin o mangyayari pa lamang ang kilos o aksiyon.

Halimbawa:

Magbabasa si Eugene ng tula.

Maglalakad si Jane nang mas mabilis.

Mula sa mga halimbawa ay nakita mo na naiiba ang anyo ng pandiwa ayon sa kung kailan naganap o magaganap ang kilos. Tingnan ang talahanayan:

Pangnagdaan	Pangkasalukuyan	Panghinaharap
<u>Nag</u> basa	Nag <u>bab</u> asa	<u>Mag</u> babasa
<u>Nagl</u> akad	Nagl <u>lal</u> akad	<u>Mag</u> lalakad

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Tukuyin ang angkop na pandiwa sa pangungusap. Piliin ang letra ng tamang sagot. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Kanina (A. nagising B. nagigising C. gigising) ako dahil sa ingay ng aso.
2. Kasalukuyan niyang (A. binuksan B. binubuksan C. bubuksan) ang pinto ng kanilang kuwarto.
3. Kaarawan ko bukas kaya (A. nagluto B. nagluluto C. magluluto) si Lola ng masarap na pansit.
4. (A. Basahin B. Babasahin C. Binasa) mo ang mga panuto.
5. (A. Tinulungan, B. Tinutulungan C. Tutulungan) ni Analiza kahapon ang matanda sa pagtawid sa kalye.

E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Tukuyin ang salitang kilos sa bawat pangungusap. Isulat ang letra ng sagot sa iyong sagutang papel.

1. A. Pupunta kami ng B. lola ko sa bukid.
2. Sa A. Martes B. darating ang pinsan ko.
3. A. Nagbabasa ako ng modyul B. araw-araw.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Punan ng salitang kilos ang patlang upang mabuo ang panuto. Isulat ang letra ng sagot sa iyong sagutang papel.

1. _____ ng isang puno. (A. Kulayan B. Gumuhit)
2. _____ ang bilang na 1, 2, at 3. (A. Isulat B. Kulayan)
3. _____ ng tatlong ulit ang kanang paa. (A. Ipadyak B. Itago)
4. _____ nang malakas ang tula. (A. Awitin B. Basahin)
5. _____ ang palad o kamay. (A. Ibuka B. Ipikit)

A

Natutuhan mo sa araling ito ang mga salitang kilos o galaw. Ang tawag dito ay **p _ n d _ w _**.

Ang mga uri nito ay pangnagdaan, pangkasalukuyan at panghinaharap.





Susi sa Pagwawasto

Week 1		Week 2	
1. D 2. B 3. D	1. A 2. C 3. B	1. / 2. / 3. / 4. / 5. X	1. E 2. A 3. C 4. B 5. D
Gawain sa Pagkatuto 1	Gawain sa Pagkatuto 2	Gawain sa Pagkatuto 1	Gawain sa Pagkatuto 2

Week 3		Week 4	
1. / 2. / 3. / 4. X 5. Kalabasa	1. Ako 2. David 3. Luneta Park 4. Sabado 5. /	1. ? 2. / 3. / 4. /	1. bonus 2. Arjay / ? 3. Laguna / 4. i / ako 5. Bagong Taon /
Gawain sa Pagkatuto 3	Gawain sa Pagkatuto 2	Gawain sa Pagkatuto 4	Gawain sa Pagkatuto 5

Week 5		Weeks 6-7	
1. / 2. / 3. X	1. A 2. B 3. A	1. / 2. / 3. / 4. /	1. Si Langgam at si Tipaklong 2. Langgam; Tipaklong 3. Bukid; bahay ni Langgam 4. Nag-iipon ng pagkain 5. Nagutom dahil walang pagkain
Gawain sa Pagkatuto 1	Gawain sa Pagkatuto 2	Gawain sa Pagkatuto 1	Gawain sa Pagkatuto 2

Week 8		
1. A 2. B 3. C 4. A 5. A	1. A 2. B 3. A	1. B 2. A 3. A 4. B 5. A
Gawain sa Pagkatuto 1	Gawain sa Pagkatuto 2	Gawain sa Pagkatuto 3

Personal na Pagtatása sa Lebel ng Performans para sa Mag-aaral

Pumili ng isa sa mga simbolo sa ibaba na kakatawan sa iyong naging karanasan sa pagsasagawa ng mga gawain. Ilagay ito sa Hanay ng LP o Lebel ng Performans. Basahin ang deskripsiyon bilang gabay sa iyong pagpili.



- ★ -Nagawa ko nang mahusay. Hindi ako nahirapan sa pagsasagawa nito. Higit na nakatulong ang gawain upang matutuhan ko ang aralin.
- ✓ -Nagawa ko nang maayos. Nahirapan ako nang bahagya sa pagsasagawa nito. Nakatulong ang gawain upang matutuhan ko ang aralin.
- ❓ -Hindi ko nagawa o nahirapan ako nang labis sa pagsasagawa nito. Hindi ko naunawaan ang hinihingi sa gawain. Kailangan ko pa ng paglilinaw o dagdag kaalaman upang magawa ko ito nang maayos o mahusay.

Gawain sa Pagkatuto

Week 1	LP	Week 2	LP	Week 3	LP	Week 4	LP
Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8	
Week 5	LP	Week 6	LP	Week 7	LP	Week 8	LP
Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8	


Paalala: Magkaparehong sagot ang ilalagay sa LP o Lebel ng Performans sa mga gawaing nakatakda ng higit sa isang linggo o week. Halimbawa: Ang aralin ay para sa Weeks 1-2, lalagyan ang hanay ng Week 1 at Week 2 ng magkaparehong «ü, ?.



Sanggunian

Department of Education. (2020). *K to 12 Most Essential Learning Competencies with Corresponding CG Codes*. Pasig City: Department of Education Curriculum and Instruction Strand.

Department of Education Region 4A CALABARZON. (2020). *PIVOT 4A Budget of Work in all Learning Areas in Key Stages 1-4: Version 2.0*. Cainta, Rizal: Department of Education Region 4A CALABARZON.



Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education Region 4A CALABARZON

Office Address: Gate 2, Karangalan Village, Cainta, Rizal

Landline: 02-8682-5773, locals 420/421

<https://tinyurl.com/Concerns-on-PIVOT4A-SLMs>

